

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

**KARAHASAN,
KARAHASANG
PAKIKIPAGTIPANAN O
LIHIM NA PAGSUBAYBAY**

**Kagawaran ng U. S. sa
Pabahay at Pagpapaunlad sa
Lungsod
Tanggapan ng Pabahay**

Blg. sa Pagsangayon ng OMB 2502-0204
Exp. 05/31/2011

KALAKIP SA PAG-UPA

**BATAS SA KARAHASAN LABAN SA MGA KABABAIHAN AT MULING PAGPAPAHINTULOT SA
KAGAWARAN NG HUSTISYA NG 2005**

UMUUPA	NAGPAPAUPA	NUMERO NG YUNIT AT TIRAHAN
--------	------------	-------------------------------

Ang kalakip sa pag-upa na ito ay nagdaragdag ng mga sumusunod na talata sa Pag-Upa sa pagitan ng tinukoy sa itaas na Umuupa at Nagpapaupa.

Layunin ng Kalakip

Ang pag-upa para sa natukoy na yunit sa itaas ay binabago para maisama ang mga probisyon ng batas sa Karahasan Laban sa mga Kababaihan at muling pagpapahintulot sa kagawaran ng hustisya ng 2005 (VAWA).

Mga Di-pagkakasundo sa Ibang mga Probisyon ng Pag-upa

Sakaling may di-pagkakasundo sa pagitan ng mga probisyon ng Kalakip na ito at ibang mga seksyon ng Pag-upa, ang mga probisyon ng Kalakip na ito ang masusunod.

Mga Kondisyon ng Kalakip sa Pag-upa

Ang petsa ng pagkakabisa ng Kalakip sa Pag-upa na ito ay _____. Ang Kalakip sa Pag-upa ay magpapatuloy na magkakabisa hangga't ang Pag-upa ay itigil.

Mga Proteksiyong VAWA

1. Maaaring hindi isaalang-alang ng Nagpapaupa ang mga insidente ng karahasang pantahanan, karahasang pakikipagtipanang o lihim na pagsubaybay bilang seryoso o paulit-ulit na paglabag sa pag-upa o iba pang "mabuting dahilan" para sa pagtigil ng tulong, pangungupahan o mga karapatang panirahan ng biktima ng pang-aabuso.
2. Maaaring hindi isaalang-alang ng Nagpapaupa ang gawaing kriminal na direktang naiuugnay sa pang-aabuso, na kinasangkutan ng miyembro ng sambahayan ng umuupa o sinumang bisita o ibang taong sumasailalim sa kontrol ng umuupa, dahilan ng pagtigil ng tulong, pangungupahan, o mga karapatang manirahan ng umuupa o ang isang pinakamalapit na miyembro ng pamilya ng umuupa ay biktima o pinagtangkaang biktima ng pang-aabusong iyon.
3. Maaaring hilingin ng Nagpapaupa sa pamamagitan ng pagsulat na ang biktima, o isang miyembro ng pamilya para sa pangalan ng biktima, ang magpatunay na ang indibidwal ay isang biktima ng pang-aabuso at ang Sertipikasyon ng Pantahananang Karahasan, Karahasan sa Pakikipagtipan, o Lihim na Pagsubaybay Form HUD-91066, o ibang dokumentasyong nabanggit sa pormularyong pagsesertipika, ay makumpleto at maisumite sa loob ng 14 na araw ng pagnenegosyo, o sa pinag-usapang karagdagang palugit na petsa, upang makatanggap ng proteksyon sa ilalim ng VAWA. Ang pagkabigong maibigay ang sertipikasyon o ibang mga sumusuportang dokumento sa loob ng nabanggit na panahon ay maaaring magbunga sa pagpapalayas.

Tinanggal ang Bloke ng Lagda